**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# EPEKTO NG MGA GAWAING PASALITA SA PAG-UNLAD NG KASANAYAN SA PAGSASALITA SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 1-3

**LEOMARTIN T. HERSALIA**
Teacher II
Western Leyte College
Master of Arts in Education
Major in Filipino
leomartin.hersalia@deped.gov.ph

## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 1-3. Ito ay gumamit ng “quasi-experimental” na uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit upang suriin ang epekto ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 1-3. Ang panimula at panapos na pagsusulit ay isinasagawa bago at matapos mailahad ang paggamit ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino katulad ng talakayan, pagkukuwento (Storytelling), sabayang pagbigkas, panayan o Interview sa kamag-aral, laro ng "Sabihin Mo, Gawin Ko", paglalarawan ng larawan, role playing o pagpapanggap, laro ng "bugtong-bugtungan" o "sino ako?, show and tell, pagpapahayag ng saloobing at ng iba pa na gamit ang wikang Filipino. Ang mananaliksik ay gumawa ng researcher-made na pagsusulit sa Filipino sa unang quarter gamit ang mga competencies na makikita sa MATATAG Curriculum Guide ng asignaturang Filipino para sa grades 1-3. Gumawa din ang mananaliksik ng banghay-aralin na gumagamit ng iba't-ibang stratehiya at mga kontekstuwal na gawain upang linangin ang mga aralin sa Filipino sa loob ng apat na linggo bilang interbensiyon para mapabuti ang gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipno. Ang estadistikang pagsusuri gamit ang t-test ay nagpatunay na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagganap bago at pagkatapos ng pagsasalin ng mga gawaing pasalita. Ipinahihiwatig nito na

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

ang mga gawaing pasalita—tulad ng talakayan, pagkukuwento (Storytelling), sabayang pagbigkas, panayan o Interview sa kamag-aral, laro ng "Sabihin Mo, Gawin Ko", paglalarawan ng larawan, role playing o pagpapanggap, laro ng "bugtong-bugtungan" o "sino ako?, show and tell, pagpapahayag ng saloobing at ng iba pa na gamit ang wikang Filipino. Napatunayan ng pag-aaral na ang mga gawaing pasalita ay hindi lamang nakatutulong sa paglinang ng fluency, accuracy, at confidence ng mga mag-aaral, kundi nagiging daan din ito upang maging mas aktibo at interaktibo ang pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Sa kabuuan, ang paggamit ng mga gawaing pasalita bilang bahagi ng pagtuturo ng Filipino ay isang mabisang pedagogikal na pamamaraan na nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto at epektibong komunikasyon.

**Keywords:** *Epekto, Gawaing Pasalita, Pag-unlad, Kasanayan, Pagsasalita, Filipino, Mag-aaral, Baitang 1-3*

## INTRODUCTION

Ang pagsasalita ay isa sa mahahalagang makrong kasanayan na dapat malinang ng mga mag-aaral sa unang tatlong baitang o Key Stage 1. Ang pagsasalita gamit ang wikang Filipino ay itinuturing na isa sa mahirap na gawain ng mga mag-aaral dahil sa limitadong kaalaman sa sariling wika. Ito ay dapat matutunan ng bawat mag-aaral nang sa gayon ay maipamalas nila ang kanilang galing sa sining ng pakikipagtalastasan at ang pangunahing gampanin ng kasanayang ito ay upang maipahayag ng bawat indibidwal ang kanilang mga saloobin. Ang kakayahang maipahayag ang saloobin at damdamin, maisalaysay ang mga karanasan, at maisalin ang mga nalalaman gamit ang ibang wika ay matatamo sa pamamagitan ng pagsasalita (Rodriguez at al., 2025). Ang guro ay gumagamit ng iba't-ibang estratehiya upang matutunan ng mga mag-aaral ang makrong kasanayan na pagsasalita.

Ang kasanayang ito ay mahalaga sapagkat dahil dito ay nagagawa ng mga mag-aaral na maipahayag kung ano ang kanilang mga nais na sabihin patungkol sa isang partikular na paksa na nakaaapekto sa kanila, nagagawa nilang maipahayag ang kanilang mga rason sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

mga pagkakataon na kinakailangan lalong lalo sa ang kanilang nararamdam at saloobin. Ayon kay Saavedra (2020), ang kasanayang pasalita na tinatawag ding kasanyang ekspresib ay mahalagang malinang sa mga mag-aaral sapagkat ito ay isang batayan upang masabing ganap ang natamong pagkatuto ng mga mag-aaral. Kapag malalim ang kanilang natutuhan, ito ay nasasalamin sa paraan ng kanilang pagsasalita. Isa ang kakayahang ito sa mga paraan upang maipahayag ng isang indibidwal ang kanyang pagiging malikhain sa sining ng pagsasalita dahil mayroong ibang indibidwal ang hindi gaanong gamay ang ibang makrong kasanayan sa pagpapahayag ng kanilang pagkamalikhain kung kaya't ang kasanayang pasalita ay isang mabisa at malawak na paraan ng pagpapahayag ng pagkamalikhain ng isang indibidwal.

Ang pagkatuto sa pagbasa ay nasisimulan sa pasalitang kasanayan na mga mag-aaral. Ayon sa pananaliksik, nagiging madali ang pagtuturo ng pagbasa kung ang isang mag-aaral ay sanay sa pagsasalita sa wikang kanyang kinagisnan. Pagkatapos matutunan ng mga bata ang unang wika, ang guro ay gumagawa ng mga paraan para ang susunod na wikang mapag-aaralan ng mga mag-aaral ang pagkatuto sa wikang Filipino. Ayon kay Moya (2023) sa kanyang artikulo sa Bicol Mail na pinamagatang Estratehiya sa Pagkatuto ng Makrong Kasanayan sa Pagsasalita, ang pagsasalita ay isang paaran upang maipahayag ng bawat isa ang kani-kanilang saloobin, ideya, katwiran, damdamin, kaisipan at kaalaman sa isang taong kinakausap. Ito ang susi sa pakikipagtalastasan sa kapwa tao. Sa pamamagitan ng wika naipapahayag ng tao ang kaniyang saloobin at nakapagpapaliwanag sa pamamagitan ng salita.

Ayon naman sa pananaliksik ni Manalus (2021), Ang pagsasalita ay isa sa makrong kasanayan na ang layunin ay pagbibigay, pagbabahagi ng kaisipan at mensahe sa pamamagitan ng verbal na paraan, paggamit ng wika na may wastong tunog, tamang gramatika, upang malinaw na maipaliwanag ang damdamin at kaisipan. Sa unang tatlong baitang sa pag-aaral ng mga mag-aaral, maraming paraan ang ginagamit ng guro upang malinang sa mga bata ang makrong kasanayan na pagsasalit. Karamihan sa mga guro ay

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*****************************************************************************************************

gumagamit ng mga estratehiya tulad ng talakayan, pagkukuwento (Storytelling), sabayang pagbigkas, laro ng "Sabihin Mo, Gawin Ko", at paglalarawan ng larawan na gamit ang wikang Filipino. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, matututunan ng mga mag-aaral ang wastong kasanayan ng pagsasalita na gamit ang wikang pambansa. At dahil dito, nahikayat ang mananaliksik na pag-aralan ang epekto ng paggamit ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino ng mga mag-aaral na kasalukuyang tinuturaan. Ang paggawa ng isang mungkahing plano para sa pagpapabuti ang bubuuin batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 1-3 ng Mababang Paaralan ng Cabato-an, Baybay City District 9, Baybay City Division. Ang paggawa ng isang mungkahing plano para sa pagpapabuti ang bubuuin batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Layunin din na sagutin ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng panimulang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 1-3 sa Filipino bago ang pagsasalin ng mga gawain sa oral na wika sa kasanayan sa pagsasalita?

2. Ano ang antas ng panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 1-3 sa Filipino panapos ang pagsasalin ng mga gawain sa oral na wika sa kasanayan sa pagsasalita?

3. May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng panimula at panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 1-3 sa Filipino bago at panapos ng pagsasalin ng mga gawain sa oral na wika sa kasanayan sa pagsasalita?

4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

## METHODOLOGY

**Design.** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng "quasi-experimental" na uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit upang suriin ang epekto ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 1-3. Ang panimula at panapos na pagsusulit ay isinasagawa bago at matapos mailahad ang paggamit ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino katulad ng talakayan, pagkukuwento (Storytelling), sabayang pagbigkas, panayan o Interview sa kamag-aral, laro ng "Sabihin Mo, Gawin Ko", paglalarawan ng larawan, role playing o pagpapanggap, laro ng "bugtong-bugtungan" o "sino ako?, show and tell, pagpapahayag ng saloobing at ng iba pa na gamit ang wikang Filipino. Isinagawa ang pananaliksik sa Mababang Paaralan ng Cabato-an, Baybay City District 9, Baybay City Division. Ang mananaliksik ay gumawa ng researcher-made na pagsusulit sa Filipino sa unang quarter gamit ang mga competencies na makikita sa MATATAG Curriculum Guide ng asignaturang Filipino para sa grades 1-3.

**Sampling**. Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay binubuo ng labin-walong (18) mag-aaral sa Baitang 1-3 sa lokal ng pananaliksik na ito. Kumpletong pag-isa-isa ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga guro at mag-aaral na naging tagatugon sa pag-aaral na ito.

**Research Procedure.** Matapos maaprubahan ang pananaliksik, isinagawa ang pangangalap ng datos. Isinumite ng mananaliksik ang mga kahilingan sa liham sa mga wastong awtoridad para sa pag-apruba. Una, isang sulat na kahilingan ang isinumite sa Schools Division Superintendent para sa pag-apruba upang magpatuloy sa pangangalap ng datos mula sa mga natukoy na respondente. Pagkatapos maaprubahan ng SDS, isinumite rin ang mga liham ng pahintulot sa Superbisor ng Distrito ng Pampublikong Paaralan at Punong-guro ng Paaralan. Matapos makuha ang lahat ng kinakailangang pahintulot, nagpatuloy ang mananaliksik sa aktwal na pangangalap ng datos. Nagsagawa ang mananaliksik ng oryentasyon sa mga respondente kasama ang kanilang mga magulang at humingi ng permit o pahintulot mula sa kanila bilang patunay ng kanilang kusang loob na pagpayag na lumahok sa pag-aaral ang

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

kanilang mga anak. Isinagawa ang pagbigay ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay isinagawa ang pagpapatupad ng interbensiyon kung saan ang paggamit ng gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino katulad ng talakayan, pagkukuwento (Storytelling), sabayang pagbigkas, panayan o Interview sa kamag-aral, laro ng "Sabihin Mo, Gawin Ko", paglalarawan ng larawan, role playing o pagpapanggap, laro ng "bugtong-bugtungan" o "sino ako?, show and tell, pagpapahayag ng saloobin at ng iba pa, na gamit ang wikang Filipino. Pagkatapos ng apat na linggo ng pagbibigay ng interbensiyon, ang panapos na pagsusulit ay isinagawa. Ang mga sagot ay sinuri, naidokumento, ini-tally, at isinumite para sa statistical treatment. Isang Matrix ng mga Aktibidad ang inihanda ng mananaliksik upang subaybayan ang pag-unlad ng pagtitipon ng datos.

**Ethical Issues.** Inuuna ng mananaliksik ang kapakanan at kabutihan ng mga kalahok sa buong proseso ng pangangalap ng mga datos. Nagkaroon din ng espesyal na pagbibigay ng pangangalaga sa mga kalahok upang makalikha ng isang positibong kapaligiran upang hindi makaramdam ng hindi maganda habang sumasagot ang mga kalahok sa bawat katanungan. Iginagalang din ng mga mananaliksik ang awtonomiya at malayang paglahok ng mga impormante na tinitiyak ang hindi sila napilit magbigay ng mga tugon labas sa kanilang mga kagustuhan. Bago isagawa ang pag-aaral, ang superbisor ng mga gurong nagsasanay ay nagbigay ng pahintulot na nagpapakita ng isang etikal at responsableng pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Tiniyak ng hakbang na ito na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman tungkol sa katangian ng pag-aaral, layunin nito at anumang potensyal na panganib o benepisyong nauugnay sa kanilang paglahok sa pananaliksik. Sa pagdaragdag, maingat na tiniyak din ng mananaliksik ang pagprotekta sa kompidensiyal at pagkakakilanlan ng mga kalahok at ang paaralang kasangkot. Ang mga personal na impormasyon at pagkakakilanlan ay pinangalagaan upang mapanatili ang mataas na kompidensiyal ng mga indibidwal na kalahok. Kabilang dito ang pagsunod ng naaangkop na mga hakbang sa pagprotekta ng datos at pagtalima sa mga etikal na alituntunin tungkol sa pagkalap at paggamit ng mga datos. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa kapakanan ng mga kalahok, paghingi ng pahintulot at pagprotekta sa pagiging kompidensiyal ng mga

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

impormasyon ay nagawang ipakita ng mananaliksik ang pagsunod sa tamang pagsasagawa ng pag-aaral nang may mataas na konsiderasyong etikal at pagiging responsable. Ang mga hakbang na ito ay hindi lamang nakatitiyak sa mga karapatan at kaligtasan ng mga kalahok, kundi nakatutulong din sa pangkalahatang kredibilidad at integridad ng mga natuklasan sa pag-aaral.

**Treatment of Data.** Ang mga quantitative na tugon ay tinally at tinabulate. Ang mga datos ay isinailalim sa istatistikal na pagsusuri gamit ang mga sumusunod na instrumento: Ginamit ang Simple Percentage upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 1-3 bago at pagkatapos gamitin ang gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino. t-Test of Mean Difference ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 1-3 bago at pagkatapos gamitin ang gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino.

## RESULTS AND DISCUSSION

**Hanay 1**
**Panimulang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 1–3 Bago ang Pagsasalin ng mga Gawaing Pasalita**

| Saklaw ng Iskor | Paglalarawan | Dalas | % |
|---|---|---|---|
| 25–30 | Napakahusay | 0 | 0.00% |
| 19–24 | Mahusay | 0 | 0.00% |
| 13–18 | Katamtaman | 0 | 0.00% |
| 7–12 | Medyo Mababa | 18 | 100.00% |
| 0–6 | Mababa | 0 | 0.00% |
| **Kabuuan** | | **18** | **100%** |
| **Timbang na Mean** | **8.94** | **Medyo Mababa** | |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Batay sa nakalap na datos hinggil sa panimulang pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 1-3 bago ang pagsasalin ng mga gawaing pasalita, lumitaw na sa labin-walong (18) mag-aaral sa baitang 1-3 o lahat ng mag-aaral (100%) ay nasa kategoryang Medyo Mababa sa kanilang kasanayan sa pagsasalita. Ang katumbas na timbang na mean na 8.94 (Medyo Mababa) ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may kakulangan pa sa paggamit ng wasto, malinaw, at matatas na wikang Filipino sa pasalitang komunikasyon. Ipinahihiwatig nito na sa panimulang bahagi ng pag-aaral, kailangan ng karagdagang interbensiyon upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita, partikular sa aspeto ng pagbuo ng ideya, pagbigkas, at paggamit ng angkop na bokabularyo.

**Hanay 2**

**Panapos na Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 1–3 Bago ang Pagsasalin ng mga Gawaing Pasalita**

| Saklaw ng Iskor | Paglalarawan | Dalas | % |
|---|---|---|---|
| 25–30 | Napakahusay | 10 | 55.56% |
| 19–24 | Mahusay | 8 | 44.44% |
| 13–18 | Katamtaman | 0 | 0.00% |
| 7–12 | Medyo Mababa | 0 | 0.00% |
| 0–6 | Mababa | 0 | 0.00% |
| **Kabuuan** | | **18** | **100%** |
| **Timbang na Mean** | **25.44** | **Napakahusay** | |

Batay sa nakalap na datos hinggil sa panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 1-3 bago ang pagsasalin ng mga gawaing pasalita, lumitaw na sa labin-walong (18) mag-aaral sa baitang 1-3, sampo (10) sa kanila (55.56%) ay nakakuha ng iscor na 25-30 (Napahusay) at walo (8) o 44.44% ay nakakuha ng iskor na 19-24 (Mahusay). Makikita din sa talahanayan na ang panapos na pagsusulit ay nakakuha nga timbang na mean na 25.44

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

(Napahusay). Walang nang napabilang sa Katamtaman, Medyo Mababa, o Mababa na kategorya. Ipinakita sa datos na ito na ang pagsasalin ng mga gawaing pasalita ay nagkaroon ng positibong epekto sa kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Nakatulong ang mga gawaing ito upang maging aktibo ang mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, mapaunlad ang kanilang kumpiyansa sa pagsasalita, at mapahusay ang interaktibong komunikasyon sa klase. Ito ay nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral mula sa panimulang pagsusuri hanggang panapos. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing pasalita—tulad ng talakayan, pagbabahagi ng karanasan, at pagsasanay sa pakikipag-usap—ay epektibong estratehiya sa pagpapalawak ng kakayahan sa wika at komunikasyon ng mga batang mag-aaral.

**Hanay 3**

**Pagsusuri ng Pagkakaiba sa Panimulang at Panapos na Pagganap ng mga Mag-aaral**

| Grupo | Mga Marka (Mean) | Computed t | Critical t | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Baitang 1–3 | Panimula = 8.94 Panapos = 25.44 | 29.87 | 2.11 | Tanggihan ang Ho | May Makabuluhang Pagkakaiba |

Batay sa resulta ng pagsusuri, makikita sa talahanayan na ang computed t-value (29.87) ay mas mataas kaysa sa critical t-value (2.11) sa 0.05 na antas ng kahalagahan (level of significance). Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis (Ho) na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa panimula at panapos na pagganap ng mga mag-aaral. Ang panimulang mean na 8.94 (Medyo Mababa) ay tumaas sa panapos na mean na 25.44 (Napakahusay). Ipinapakita ng malaking pagtaas na ito na may malinaw at makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang mga

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

gawaing pasalita bilang interbensiyon sa pagtuturo ng Filipino. Ang resulta ay nagpapakita na ang mga gawaing pasalita ay epektibong nakatulong sa pagpapabuti ng kakayahang pasalita ng mga mag-aaral sa Baitang 1–3. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito — tulad ng talakayan, pag-uulat, paglalarawan, pagbabahagi ng karanasan, at iba pang oral communication activities — ay nagkaroon ng higit na pagkakataon ang mga bata na magamit ang wikang Filipino sa aktwal na sitwasyon, na siyang nagpalawak ng kanilang bokabularyo, fluency, at kumpiyansa sa pagsasalita. Ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba (significant difference) ay nagpapatunay na ang *interbensiyon o treatment* na ginamit — ang mga gawaing pasalita — ay naging mabisang paraan ng paglinang sa kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa pananaliksik nina De Guzman at Santos (2022) na nagsasaad na ang *oral language activities* ay may malaking ambag sa pag-unlad ng komunikatibong kakayahan ng mga batang mag-aaral sa Filipino, sapagkat ito ay nagbibigay ng *authentic practice* ng wika sa loob ng klase. Katulad din ito ng natuklasan ni Mendoza (2021) na nagpapatunay na ang integrasyon ng mga gawaing pasalita sa pagtuturo ng Filipino ay nakatutulong sa pagpapalakas ng *fluency, clarity,* at *confidence* ng mga mag-aaral sa pakikipag-usap.

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang panimulang pagsusulit ng mga mag-aaral sa Baitang 1–3 ay may medyo mababang antas ng kasanayan sa pagsasalita sa wikang Filipino bago ipatupad ang mga gawaing pasalita. Subalit, matapos ang interbensiyon, ang panapos na pagsusuri ay nakapagtamo ng napakahusay na marka, na nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa kakayahang pasalita ng mga mag-aaral. Ang estadistikang pagsusuri gamit ang t-test ay nagpatunay na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagganap bago at pagkatapos ng pagsasalin ng mga gawaing pasalita. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing pasalita—tulad ng talakayan, pagkukuwento (Storytelling), sabayang pagbigkas, panayan o Interview sa kamag-aral, laro ng "Sabihin Mo, Gawin Ko", paglalarawan ng larawan, role playing o pagpapanggap, laro ng "bugtong-bugtungan" o "sino ako?, show

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

and tell, pagpapahayag ng saloobing at ng iba pa na gamit ang wikang Filipino. Napatunayan ng pag-aaral na ang mga gawaing pasalita ay hindi lamang nakatutulong sa paglinang ng fluency, accuracy, at confidence ng mga mag-aaral, kundi nagiging daan din ito upang maging mas aktibo at interaktibo ang pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Sa kabuuan, ang paggamit ng mga gawaing pasalita bilang bahagi ng pagtuturo ng Filipino ay isang mabisang pedagogikal na pamamaraan na nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto at epektibong komunikasyon.

**Rekomendasyon**

1. Magamit ang plano ng pagpapabuti na naimungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

2. Isama ang mga gawaing pasalita bilang regular na bahagi ng pagtuturo ng Filipino, lalo na sa Baitang 1–3, upang patuloy na malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita.

3. Gamitin ang mga makabuluhan at kontekstuwal na gawain gaya ng story sharing, dramatization, oral reporting, pair or group conversation, at storytelling upang mapaunlad ang komunikatibong kakayahan ng mga bata.

4. Magbigay ng mas maraming pagkakataon para sa oral participation sa klase upang mahikayat ang mga mag-aaral na magsalita nang may tiwala at kasanayan sa wikang Filipino.

5. Aktibong makilahok sa mga gawaing pasalita at gamitin ang wikang Filipino bilang midyum ng pakikipagkomunikasyon sa araw-araw upang mapalawak ang bokabularyo at kumpiyansa sa pagsasalita.

6. Makibahagi sa kooperatibong pagkatuto, tulad ng pangkatang talakayan at oral presentations, upang mapaunlad ang kakayahang makinig at tumugon nang wasto sa kausap.

7. Isama sa School Improvement Plan (SIP) O Annual Improvement Plan (AIP) ang pagpapalakas ng mga gawaing pasalita bilang bahagi ng literacy program ng paaralan.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

8. Maglaan ng mga pagsasanay o seminar para sa mga guro hinggil sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga makabagong gawaing pasalita sa pagtuturo ng wika.

9. Hikayatin ang kolaborasyon ng mga guro sa Filipino upang makabuo ng bank of oral activities na maaaring gamitin sa iba't ibang antas ng baitang., at

10. Gamitin ang datos ng pananaliksik bilang batayan sa pagbuo ng mga school-based policy at programang pang-kaunlaran para sa classroom management, na may layuning itaas pa ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa lahat ng antas.

**ACKNOWLEDGEMENT**

Nais kong ipahayag ang aking taos-pusong pasasalamat sa lahat ng sumuporta at gumabay sa akin sa buong paglalakbay ng pagtatapos ng pananaliksik na ito. Una sa lahat, Papuri at Pasasalamat sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, sa Kanyang presensya, probisyon, proteksyon, at pagpapala sa kabuuan ng prosesong ito. Sa aking tagapayo sa tesis, Dr. Jasmine B. Misa, ako ay taos-pusong nagpapasalamat sa iyong walang sawang suporta, napakahalagang mga pananaw, at matiyagang paggabay na naging pundasyon sa pagkabuo ng pananaliksik na ito. Ang iyong dedikasyon sa kahusayan at ang iyong walang pag-iimbot na pagtuturo ay tunay na kahanga-hanga. Ipinaaabot ko rin ang aking pasasalamat sa mga guro ng Graduate Department ng Western Leyte College sa kanilang karunungan, paghikayat, at pagsusumikap na lumikha ng kapaligiran ng akademikong pag-unlad. Ako rin ay lubos na nagpapasalamat sa aking Thesis Committee at Panel of Examiners na pinamumunuan ni Dr. Bryant C. Acar, Tagapangulo at Tagatala ng Pre at Oral Examination Panel, kasama sina Dr. Annabelle A. Wenceslao at Dr. Elvin H. Wenceslao, sa kanilang mga makabuluhang puna at mahahalagang mungkahi. Sa aking DepEd Baybay City Division Family na pinangungunahan ni Dr. Manuel P. Albaño, Ed.D., CESO V, maraming salamat sa pagbibigay ng pahintulot upang maisagawa ang pananaliksik na ito sa aking paaralan. Sa aking kasamahan sa paaralan ng Cabato-an Elementary School, na

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*****************************************************************************************************
pinangungunahan ng mahusay at may pusong punong-guro na si Ma'am Lilibeth E. Marte, maraming salamat sa pagiging bahagi ng katuparan ng gawaing ito. Lubos ko ring pinahahalagahan ang ambag ng aking mga kasamahan sa Cabato-an Elementary School na naging kaagapay ko sa mga talakayan, tulong, at moral na suporta habang isinasagawa ang pananaliksik na ito. Ang inyong pagkakaisa at pagtutulungan ang nagbigay-sigla sa aking karanasan bilang mananaliksik. Sa aming District IX In-Charge, Ma'am Estrella P. Oquias, salamat sa iyong mga paghimok, payo, at pagbibigay ng pagkakataong maisagawa ang pag-aaral na ito at makapagpatuloy sa aking propesyonal na pag-unlad. Sa aking pamilya, sa aking tagapag-alaga na si Beatrice G. Polo, sa aking mga magulang na sina Lucino at Luz, sa aking kapatid na si Hazel P. Conje, at sa iba ko pang mga kapatid at kay Auntie Florida P. Laeseke, ang inyong walang kundisyong pagmamahal, pag-unawa, at suporta ang naging haligi ng aking lakas. Ang inyong tiwala sa aking kakayahan ang nagsilbing inspirasyon at motibasyon sa akin. Sa wakas, iniaalay ko ang gawaing ito sa aking kabiyak na si Ronielyn A. Hersalia, na sa kabila ng lahat ay patuloy na nagpakita ng pagtitiyaga, pagmamahal, at hindi matitinag na suporta, na siyang naging sandigan ko sa pagbuo ng tesis na ito. Ang iyong sakripisyo at pag-unawa upang mabigyan ako ng sapat na oras at espasyo para magpokus sa aking pananaliksik ay lubos kong pinahahalagahan — at sa aming magiging anak, na nagsilbing inspirasyon ko sa bawat hakbang ng paglalakbay na ito. Hindi magiging posible ang tesis na ito kung wala ang kolektibong suporta at gabay ng mga kahanga-hangang taong ito. Ako ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng pagkakataon, kaalaman, at mga yaman na ipinagkaloob sa akin sa buong prosesong ito ng aking pag-aaral. Maraming salamat sa pagiging bahagi ng paglalakbay na ito at sa pagtulong upang marating ko ang mahalagang tagumpay na ito.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

**********************************************************************************************************

## REFERENCES


[1] Alonzo, M. (2022). Differentiated small-group instruction and reading comprehension gains among early graders. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 21(3), 45–58.

[2] Asemanyi, A. A. (2015). An Assessment of Students' Performance in Communication Skills: A Case Study of the University of Education Winneba. Journal of Education and Practice, 6(35), 1-7.

[3] Bakar, Noor Idayu Abu, Nooreen Noordin, and Abu Bakar Razali. "Improving Oral Communicative Competence in English Using Project-Based Learning Activities." English Language Teaching 12.4 (2019):73-84.

[4] Bangelisan, K. at Eslit, E. (2018). Speaking and listening skills of senior high school students: Basis for communication enhancement program. mula sa http://dx.doi.org/10.13140/RG.2.2.25281.66402

[5] Barnes, D., & Todd, F. (2021). Communication and learning revisited: Making meaning through talk. Taylor & Francis.

[6] Berns, M. S. (1990). Contexts of competence: Social and cultural considerations in communicative language teaching. New York, NY: Plenum.

[7] Borong, N. & Yamson, S. (2023). Digital storytelling as a method for teaching writing skills. Multidisciplinary Science Journal. https://doi.org/10.31893/multiscience .2023063

[8] Cabardo, J., & Tan, C. (2023). Guided reading approach and literacy growth of early graders in Philippine public schools. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 10(1), 25–33.


**********************************************************************************************************


**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza


**********************************************************************************************************

[9] Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. Applied linguistics, 1(1), 1-47.

[10] Candlin, C. (1978). Teaching of English: Principles and an exercise typology. London, England: Langenscheidt-Longman.

[11] Chomsky, N. (1959). A review of B. F. Skinner's Verbal Behavior. Language, 35(1), 26–58. Habermas, J. (1970). Toward a theory of communicative competence. Inquiry, 13(1–4), 360–75

[12] Cotez, A. (2016). Communication strategies of senior high school students towards the improvement of their english oral communication. Di-nailathalang tesis. Unibersidad ng Pilipinas (UP), Cebu City.

[13] Cruz, N. (2019). Improving the oral communication skills of senior high school students through the use of task-based strategy. Action Research,Domalandan Center Integrated School, Lingayen, Pangasinan.

[14] DepEd (2022). Early Language, Literacy and Numeracy (ELLN) Framework. Department of Education, Philippines.

[15] Dimbleby, R., & Burton, G. (2020). More than words: An introduction to communication. Routledge.

[16] Dreisbach, J. L. (2020). ANG TEORYA NG AKOMODASYON SA KOMUNIKASYON BILANG BATAYANG KAISIPAN SA PAG-AARAL NG MULTILINGGUWAL AT MULTIKULTURAL NA ARALING FILIPINO. DALUMAT E-Journal, 6(1), 1-1.

[17] Fountas, I. C., & Pinnell, G. S. (2017). Guided Reading: Responsive Teaching Across the Grades. Heinemann.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[18] Gannaban, M. F. E. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. DALUMAT E-Journal, 6(2), 1-1.

[19] Garcia at Reyes (2021)

[20] Giva, J., Fortich, C., & Paet, S. M. (2020). GAMPANIN NG WIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON BILANG TUGON SA COVID-19 SA LUNGSOD QUEZON. GAMPANIN NG WIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON BILANG TUGON SA COVID-19 SA LUNGSOD QUEZON, 1(1).

[21] Huang, Y., & Liao, H. (2021). Before–during–after reading strategies and their impact on comprehension and retention. Journal of Language and Literacy Education, 17(2), 89–103.

[22] Hymes, D. (1972). On communicative competence. In J. Pride & J. Holmes (Eds.), Sociolinguistics (pp. 269–93). Harmondsworth, England: Penguin Books.

[23] Kapur, R. (2018). Factors influencing the students' academic performance in secondary schools in India. University of Delhi.

[24] Kisel, O. V., Dubskikh, A. I., Lomakina, Y. A., Butova, A. V., & Potrikeeva, E. S. (2019). Differentiated approach as a factor on development of students' professional communicative competence. Amazonia Investiga, 8(19), 287-297.

[25] Korpershoek, H., Canrinus, E. T., Fokkens-Bruinsma, M., & de Boer, H. (2020). The relationships between school belonging and students' motivational, social- emotional, behavioural, and academic outcomes in secondary education: A meta- analytic review. Research Papers in Education, 35(6), 641-680.

[26] Kowalewski, S., & Halasz, M. E. (2019). Why are written communication skills important for business students?. Archives of Business Research, 7(2), 95–102. https://doi.org/10.14738/abr.72.6140

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[27] Legaspi, M. (2020). Epekto sa paggamit ng makabagong panulaan sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa senior high school. Di-nailathalang Tesis. Southern Leyte State University-Tomas Oppus, San Isidro, Tomas Oppus, Southern Leyte.

[28] Mandado, J. (2020). Ang penomenong awiting Visayan Popular o (VisPop) sa kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura. American Journal of humanities and social sciences research, 4(11), 188-195. Retrieved mula sa https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2020/11/W20411188195.pdf

[29] Martin Sanz, N., & Rodrigo, I. (2017). Exploring Academic Performance: Looking beyond Numerical Grades. Universal Journal of Educational Research, 5(7), 1105-1112.

[30] Misa, R. M. KAKAYAHAN SA PANGGRAMATIKANG FILIPINO NG MGA MAG- AARAL NG GRADE 9 LABORATORY HIGH SCHOOL NG PRESIDENT RAMON MAGSAYSAY STATE UNIVERSITY.

[31] Nation, I. S. P. (2022). Learning Vocabulary in Another Language (3rd ed.). Cambridge University Press.

[32] Opoola, B. T., & Fatiloro, O. F. (2014). On Communicative Competence and Students' Performance in English Language. The International Journal of Engineering and Science (IJES), 3(8), 65-68.

[33] Oyedele, V. at Chikwature, W. (2016). English composition writing skills at ordinary level and its effect on students' performance in three day secondary schools in mutare district, manicaland. European Journal of English Language, Linguistics and Literature, 3(1).

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*****************************************************************************************************
[34] Raptoul, E., Stamatis, P., at Raptis, N. (2017). Communication as an educational skill in school units of the 21st Century: A survey research century: A survey research. Asian Education Studies, 2(2). Retrieved from https://doi.org/10.20849/aes.v2i2.153

[35] Rasinski, T. V., & Padak, N. D. (2017). Effective Reading Strategies: Teaching Children Who Find Reading Difficult. Pearson.

[36] Sandigan, A. P. D. (2018). Oral Communicative Competence of Filipino College Students: Levels, Correlates, and Characteristics. International Journal of English Literature and Social Sciences, 3(5).

[37] Saul, A. J. G., Capiz, J. R. D., & Milan, K. C. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1).

[38] Savignon, S. J. (2018). Communicative competence. The TESOL encyclopedia of English language teaching, 1-7.

[39] VARONA, F., & MANDADO, J. O. Ang Kasanayang Pasalita Gamit ang Kagamitang Multimidya sa Antas Tersyarya.

[40] Villanueva (2020)

[41] Waisbord, S. (2019). Communication: A post-discipline. John Wiley & Sons.

[42] Wang-Taylor, Y., & Milton, J. (2019). Predicting international students' academic success with vocabulary and intercultural communicative competence. Journal of Applied Linguistics, (32), 83-101.

[43] Zamora, N. C. L. Pedagohikal Na Gramar Ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas Ng Mga Gawaing Komunikatibo Sa Pagtuturo-Pagkatuto Ng Filipino.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

## AUTHOR'S PROFILE



**MR. LEOMARTIN T. HERSALIA**

Leomartin T. Hersalia is a dedicated educator and academic professional from Baybay City, Leyte. He is currently pursuing his Master of Arts in Education major in Filipino at Western Leyte College of Ormoc City, Inc., demonstrating a strong commitment to professional and academic growth.

He holds a Bachelor of Secondary Education Major in Filipino degree from the Franciscan College of the Immaculate Conception, Inc. (2016–2019) and began his educational journey at Maitum Elementary School and Bitanhuan National High School.

Mr. Hersalia's teaching career reflects his passion for nurturing young learners. He served as a part-time assistant college instructor (2019–2021), then transitioned to the public school system under the Department of Education – Schools Division of Baybay City. There, he served as a substitute secondary teacher (2021–2022), kindergarten teacher (2022–2023), and currently as a Grade 1 and 2 teachers (2023–present). His wide range of teaching experience across levels shows his versatility and dedication to quality education.

A licensed professional teacher, Mr. Hersalia is known for his commitment to promoting foundational literacy, Filipino language education, and child-centered instruction. He continues

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

to contribute meaningfully to the academic community while upholding the values of integrity, service, and lifelong learning.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza